International Journal of Trend in Scientific Research and Development (IJTSRD)
International Open Access Journal | www.ijtsrd.com
ISSN No: 2456 – 6470 | Volume - 2 | Issue – 6 | Sep – Oct 2018

# An Evaluation of the Poems of Marcelo H. Del Pilar and Amado V. Hernandez (Pagsisiyasat Ng Mga Tula Nina Marcelo H. Del Pilar at Amado V. Hernandez)

**Clarizza Ambida Loberio**
Faculty, Department of Languages and Communication,
College of Arts and Communication, University of Eastern Philippines

**ABSTRACT**
Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ang pagsisiyasat sa mga piling tula nina Marcelo H. Del Pilar at Amado V. Hernandez upang makabuo ng gabay sa pagtuturo na gagamitin ng mananaliksik sa kaniyang pagtuturo sa kolehiyo. Gumamit ng Pamaraang Palarawan (Descriptive Analysis) at Pangnilalaman na Pagsusuri (Content Analysis) sa pagtukoy ng uri, anyo, istilo at tema. Ginamit sa pagsusuri ang mga teoryang pampanitikan na Sosyolohikal, Humanismo, Realismo at Rebolusyunaryo. Tinalakay rin ang nangibabaw na halagang pangkatauhan na nakapaloob sa tula, ang pagkakatulad at pagkakaiba sa tula nina Del Pilar at Hernandez ayon sa uri, anyo, istilo at tema at tinukoy ang implikasyon ng bawat tula batay sa kultura, sosyal, moral at pulitikal. Tiglilimang tula nina Del Pilar at Hernandez ay sinuri, ito ay ang mga sumusunod: “Isang Tula sa Bayan”, “Dalit”, “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa”, “Sagot sa Espanya sa Hibik ng Pilipinas”, “Dupluhan”, “Kung Tuyo na ang Luha mo Aking Bayan”,” Isang Dipang Langit”, “Tinapay”, “Panday” at “Bayani”. Nangibabaw ang tulang liriko at tulang pandulaan sa mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez, karaniwang may sukat at tugmang di-ganap, ang mga ito ay mayaman sa tayutay bilang talinghaga. Ang mga tema ay tungkol sa masidhing damadamin gaya ng dakila o wagas na pag-ibig sa bayan, ang mga pagsubok sa buhay, at ang kahalagahan ng mga manggagawa na itinuturing na bayani at sandigan ng kaunlaran. Ipinahihiwatig sa tula na ang mga Pilipino ay mayaman pa rin sa likas na kultura, ang kahalagahan ng pagkakaisa, pagtutulungan, pagmamahal sa bayan at ang paggalang sa mga karaniwang manggagawa; ang pangingibabaw ng paggawa ng kabutihan at ang hindi paglabag sa batas at pagbibigay ng patas na karapatan sa karaniwang manggagawa. Sa aspetong Sosyal sa pagsusuri ng mga tula ay ipinahihiwatig na mahalaga sa mga Pilipino ang pagkakaisa, pagtutulungan sa bayan, sa pamilya at higit sa lahat ang paggalang sa mga karaniwang manggagawa.Sa katagiang Moral pinapahiwatig na lubhang kailangan ng taong maging mabuti, iwasang gumawa ng masama o labag sa batas, huwag paaalipin sa mga materyal na bagay, walang maibibigay na kabutihan ang pang-aalipin at paghamak sa kapwa. Sa katangiang Pulitika binibigyang diin na nakasalalay ang pag-unlad ng isang bayan sa magandang ugnayan at pagtutulungan ng mga namumuno at nasasakupan.Sa kabilang dako ipinahihiwatig din na mahalagang mabigyan ng patas na karapatan ang karaniwang mamamayan. Ang mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez na sinuri ay kapwa may sukat; may tugma; karamihan ay tulang liriko; mayaman sa talinghaga; at may mga temangg pagkamakabayan, pagpapahalaga sa dangal bilang Pilipino at pagsusulong ng karapatan ng uring manggagawa. Mula sa mga natuklasan at konklusyon sa ginawang pag-aaral, narito ang mungkahi ng pag-aaral na ito: Ipagamit ang mga mungkahing modyul na awtput sa pag-aaral na ito, Pag-ibayuhin ang paggamit ng mga tula sa pagtuturo lalo na sa antas tersyarya upang lalong mapahalagahan ang angking kariktan, kasiningan at kakaibang katangian nito na wala sa ibang akdang pampanitikan, Pasulatin ang mga mag-aaral ng iba’t ibang uri ng tula upang lalo pang mahasa ang kanilang kakayahan at talento, Magbasa ng ibang ibang uri ng tula at ipasuri ang mga tayutay na ginamit upang lalo malinang ang kritikal na pag-iisip at mapalawak ang kanilang kaalaman at bokabularyo sa pag-unawa, Bumuo pa ng mga mungkahing modyul batay naman sa mga makabayang tula upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga

aralin sa Filipino.

***KEY WORDS:*** *pagsisiyasat, tula*

## 1. Rationale of the Study

Ang panitikan ay mayaman sa mga kathang iniuugnay sa walang humpay at walang maliw na makabuluhang karanasan at damdamin ng mga tao gaya ng tula. Sa pagpapahayag ng makata ng kaniyang nararamdaman masasalamin ito sa bawat taludtod at mga saknong ng kaniyang katha. Ayon kay Fernando Monleon (Arrognte, et al.2004), ang tula ay isang "panggagagad". Katulad daw ito ng panggagagad ng pinto ng manlililok at ng artista sa dulaan. Sa tahasang sabi ni Fernando Monleon:" . . . ang saklaw ng pagtula ay higit na malawak kaysa alinmaman sa ibang gagad na mga sining, pagsama-samahanin man ang mga iyon. Ang manlililok ay makagagagad ng anyo lamang; ang mangguguhit – larawan, ng anyo at kulay lamang: ang *artista ng dulaan – samantalang hindi pa napagkakalooban ng mga makata ng mga pangungusap – tanging ng anyo, kulay at galaw lamang. Ang tula'y siyang lumalagom sa kabilang daigdig at iniuugnay ito sa ibang mga sining. Ang puso ng isang nilikha ay siyang bayan ng tula, at tanging ng tula lamang".*

Ipinahayag ni Julian Cruz Balmaceda, " ang tula ay isang kaisipang naglalarawan ng kariktan, at kadakilaan.(Ugot et al., 2010).

Ayon naman kay Inigo Ed Regalado, "Ang tula ay kagandahang diwa, katas, larawan at kabuuang tanang kariktang makikita sa silong ng alinmang langit (Ugot et al., 2010).

Sa kasalukuyan, ang tula ay iniuugnay sa pagtuturo kahit na ang paksa ay tungkol sa balarila.

Ginagamit itong lunsaran nang sa gayon ay mabasa ang ilan sa mga akdang pampanitikan gaya ng maikling kuwento. Isa sa mga dahilan nito ay para masuri at mapahalagahan ang mga ito at mapagkukunan ng may kinalaman sa wika.

Sa katunayan, isa sa mga suliranin ng pag-aaral ng tula ay ang pag-unawa sa mga nakatagong kahulugan at diwa na nakapaloob ng matatalinghagang pananalita na siyang nagbibigay hugis sa indayog at kariktan ng panulaan. Ang paniniwalang kung maibabahagi lamang ito sa mag-aaral ay lubusan nilang mapapahalagahan ang taglay na halina ng mga kathang patula. Ang mga ito ang nagtulak sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito.

Isa sa mga suliraning kinaharap ng mananaliksik ay ang hindi pagtugon ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa Pamantasan ng Silanganing Pilipinas lalo na kapag ang genreng ito ay ang pinag-usapan. Sila ay nababagot at minsan ay nahihirapang unawain kung ano ang nais ipahayag ng makata. Hindi nila maiugnay sa tunay na buhay ang mga simbolismo at mga matalinghagang pahayag. May ilan pang mag-aaral na kung tula na ang pinag-usapan ay natatawa sila lalong-lalo na kung maromantiko o kaya'y madamdamin ang pagkasulat nito.

Sa panahon ngayon interesado pa ang mga kabataang mag- facebook at manood ng mga teleserye hindi alam kung ano ang kahalagahan ng tula sa ating panitikan at sa buhay ng bawat isa. Kung pakasusuriin at bibigyang pokus ang tula, ito'y mayaman sa talinghaga at nadaragdan ang ating bokabularyo na magagamit natin sa ating pagpapahayag pasulat man o pasalita. Sa pamamagitan ng pagbabasa/pag-aaral ng mga tula, ito'y nakatutulong at nagsisilbing daan upang malinang at mapukaw ang ating malikhaing guniguni. Ang ating karanasan, nararamdaman, at mga nakatagong emosyon ay naisasalarawan sa pamamagitan ng pagsulat ng tula.

Kaya naganyak ang mananaliksik na suriin ang mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernadez. Napili ng mananaliksik sina Marcelo H. Del Pilar at Amado V. Hernandez dahil sa kanilang magkatulad na paninindigan: ang pakikipaglaban para sa karapatan ng mga Pilipino laban sa mga prayle at mga karapatan ng manggagawang Pilipino sa Panahon ng mga Amerikano. Si Del Pilar, ay walang takot na ibinunyag sa pamamagitan ng panulat ang mga tiwaling pamamalakad ng mga prayle sa panahon ng mga Kastila. Samantala, si Hernandez ay kilala sa pakikibaka para sa mga manggagawang Pilipino.

Ang dalawang manunulat ng tula na sina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernadez ay magkaiba ng kinabibilangang panahon. Si del Pilar ay nagging masigasig sa pagsususlat sa Panahon ng mga Kastila samantala si Hernandez ay sa Panahon naman ng Amerikano.

Sa panahon ng pananakop ng mga Kastila, ang mga panulat ay mapang uyam at mapanuligsa laban sa mga prayleng kastila. Ang karaniwang paksain ay panrelihiyon. Sa panulaan, ang mga namalasak ay mga tulang liriko, mga awit, mga kurido at ang Pasyon. Sa panahon naman ng pananakop ng Amerikano, pinasok ng mga manunulat na Pilipino ang lahat ng larangan ng panitikan tulad ng lathalain,

tula, kuwento, dula, sanaysay, nobela at iba pa. Ang mababasa sa mga akda nila ay ang pag-ibig sa bayan at pag-asam ng kalayaan. Ang mga manunulat sa Tagalog ay nagpatuloy sa malayang pagpapahayag na may daing sa kaapihan ng bayan at may pagpapasigla sa pagmamahal at pagtatangi sa sariling wika. Sa kalahatan, ang Panitikang Filipino sa panahong ito ay sumusunod sa romantisismo ng Europa. Naging palasintahin ang himig ng halos lahat ng mga naisulat na mga akda tulad ng pagmamahal sa Diyos, sa bayan, sa kapwa, at iba pa.

## 2. Objectives of the Study

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga piling tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez.

Magiging batayan ang kalalabasan ng pag-aaral. Sa pagbuo ng mga Mungkahing Modyul sa Pagtuturo ng mga Piling Tula. Ito ay sumasagot sa mga tiyak na katanungan:

1.Paano ipinahahayag ang mga tulang sinuri ayon sa:

1.1uri,

1.2anyo,

1.3istilo at

1.4tema?

2. Ano ang nangingibabaw na halagang pangkatauhang nakapaloob sa bawat tula?

3. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba sa tula nina Marcelo H. del Pilar sa panahon ng mga Kastila at Amado V. Hernandez sa Bagong Republika ayon sa:
3.1 uri,
3.2 anyo,
3.3 istilo at
3.4 tema?

4. Ano ang implikasyon ng bawat tula sa mga sumusunod:
4.1 kultura,
4.2 sosyal,
4.3 moral at
4.4 pulitika?

5. Ano ang mungkahing modyul ang mabubuo sa kinalabasan ng pag-aaral na ito?

## 3. Methodology

Ang disenyo ay ibinatay sa Pamaraang Palarawan (Descriptive Analysis) at Pagsusuri sa n Nilalaman (Content Analysis) sa mga piling tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernadez. Sinuri ang mga tula ayon sa uri, anyo, istilo at tema. Tiningnan ang halagang pankatauhang nangingibabaw sa bawat tula. Itinala ang pagkakatulad at pagkakaiba sa tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez ayon sa uri, anyo, istilo at tema. Pinagtuunan din ang implikasyon ng bawat tula ayon sa kultura, sosyal, moral at pulitika. Ang kinalabasan ang batayan ng Mungkahing Modyul para sa unang taon sa kolehiyo.

Ang mga tulang ginamit sa pananaliksik ay ang mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez na nakakitaan ng iba't ibang mukha ng kabayanihan, karapatan ng tao na nakapapaloob sa kanilang mga tula. Hinango ang mga tula sa iba't ibang sangguniang aklat at internet.

Sa pag-aaral na ito ay nangalap, at nagsuri ng mga piling tula ng dalawang makata upang mabibigyang larawan o hugis sa pamamgitan ng pagsusuri ayon sa napiling angkop na mga teoryang pampanitikan. Upang lubos na maunawaan at masuri nang husto ang mga piling tula, ito ay paulit ulit na binasa at ganap na inanalisa ang mga salita lalong lalo na ang mga talinghaga at tayutay na nakapaloob dito.

Bunga nito, tahasang makikilala ang mga uri, anyo, istilo at tema ng mag tula. Gayundin ang malaman ang halagang pangkatauhang nangibabaw sa mga tula. Ang pagkakaiba at pagkakakatulad ayon sa a)uri, b) anyo, c) istilo at d)tema. Pagsusuri sa implikasyon ng bawat tula ayon sa aspetong kultura, sosyal, moral at pulitika. Gayundin ang paggamit ng modyul sa larangan ng pagtuturo sa Panitikan sa mga mag-aaral sa Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Pamantasan ng Bayan, Catarman Hilagang Samar na magsisilbing kagamitang pampagtuturo upang mapagaan at mapabilis ang mga gawain ng mananaliksik.

Dahil sa marami tulang silang naisulat naisip ng mananaliksik na daanin sa palabunutan ang pagpili ng tula. Ginawa ito sa paraang parandom. Lahat ng nilikom na tula ay isinulat sa maliit na papel. Pinangkat ang mga tula ni

Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez. Kumuha ng tulang kakatawan sa pangkat sa pamamagitan ng palabunutan. Bumunot ng isa sa bawat grupo upang mabuo ang sampung tula. Ginawa ito upang hindi maging bias o walang pagkiling.

Ang mga tula ni Marcelo na saklaw sa pananaliksik na ito ay:
1. "Isang Tula sa Bayan"
2. "Dalit"
3. "Pag-Ibig Sa Tinubuang Lupa"
4. "Sagot Ng Espanya Sa Hibik Ng Pilipinas"
5. "Dupluhan"

Ang mga tula ni Hernandez na saklaw sa pananalik na ito ay:
1. “Kung Tuyo Na Ang Luha Mo, Aking Bayan”
2. “Isang Dipang Langit”
3. “Tinapay”
4. “Ang Panday”
5. “Bayani”

## 4. Results and Discussion

Batay sa pag-uuri ni Sauco sa mga tula gaya ng tulang pandamdamin o liriko, tulang pasalaysay, tulang patnigan at tulang padula, nakakitaan ang pag-aaral na ito ng dalawang uri. Ito ay ang tulang pandamdamin o tulang liriko at tulang pandulaan.

Ang tulang pandamdamin o liriko ay naglalahad ng mga saloobin o damdamin, imahinasyon at karanasang maaaring sarili ng may-akda o ng ibang tao. Ang tulang pandulaan naman ay nasasaklawan nito ang mga dulang may diyalogo o usaping patula.

Sa Tahalanayan 1 makikita ang mga uri ng tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez. Sa sampung sinuring tula ay tulang pandamdamin at iisa ay ang tulang pandulaan.

| PAMAGAT NG TULA | URI NG TULA |
|---|---|
| **A. MARCELO H. DEL PILAR** | |
| 1. Isang Tula Sa Bayan | Tulang Pandamdamin |
| 2. Dalit | Tulang Pandamdamin |
| 3. Pag – Ibig Sa Tinubuang Lupa | Tulang pandamdamin |
| 4. Sagot Ng Espanya Sa Hibik Nang Pilipinas | Tulang Pandamdamin |
| 5. Dupluhan | Tulang Pandulaan |

| PAMAGAT NG TULA | URI NG TULA |
|---|---|
| **A. AMADO V. HERNANDEZ** | |
| 6.Kung Tuyo Na Ang Luha Mo Aking Bayan | Tulang Pandamdamin |
| 7.Isang Dipang Langit | Tulang Pandamdamin |
| 8.Tinapay | Tulang Pandamdamin |
| 9.Ang Panday | Tulang Pandamdamin |
| 10.Bayani | Tulang Pandamdamin |

**Buod sa Pagsisisyasat sa Anyo ng mga Piling Tula nina Marcelo H. Del Pilar at Amado V. Hernandez**

Inilalahad sa Talahanayan 1.1 ang mga anyo ng mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez. Natuklasan na nangibabaw ang may sukat at tugmang di-ganap. Sa sampung tula 7 ang nasulat sa may sukat at tugmang di-ganap, 2 ay may sukat at tugmang ganap 1 sa malayang taludturan at tugmang di- ganap.

Ang detalye ng pagsisiyasat sa bawat tula ay inihahanay sa kasunod ng mga talahanayan.

| Pamagat ng Tula | May Sukat Tugmang Ganap | Kaanyuan ng Tula May Sukat Tugmang di-ganap | MalayangTaludturan Tugmang di-Ganap |
|---|---|---|---|
| **MARCELO H. DEL PILAR**<br>Isang Tula Sa Bayan | | 1 | |
| Dalit | | | 1 |
| Pag-Ibig Sa Tinubuang Lupa | | 1 | |
| Sagot Sa Espanya Sa Hibik Ng Pilipinas | | 1 | |
| Dupluhan | 1 | | |
| **AMADO V. HERNANDEZ**<br>Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan | | 1 | |
| Isang Dipang Langit | | 1 | |
| Tinapay | | 1 | |
| Ang Panday | 1 | | |
| Bayani | | 1 | |
| Kabuuan | 2 | 7 | 1 |

**Buod sa Paglalarawan sa Istilo sa mga Piling Tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez**

Sa kabuuang pagsisiyasat sa mga istilo ng paglalarawan sa mga tulang ginamit sa pag-aaral na ito. Makikita dito ang paggamit ng mga tayutay na siyang binigyang pansin ng may-akda sa kanilang pagsulat ng tula. Ayon sa kinalabasan ng pagsusuri, mayaman sa tayutay ang sampung tula. Nanguna sa talaan ang paggamit ng tayutay. Sa pagkalahatan, may limampu't apat (54) na mga tayutay ang ginamit upang maging mahusay at kabigha-bighani gayundin lalong maalab ang kariktan nito sa mambabasa at mabuo sa imahinasyon ang mga ipinahihiwatig sa bawat tula. Sa limampu't apat (54) na tayutay, nanguna ang pagpapalit-tawag (10) na bilang at sinundan ito ng simbolismo (8), pagtutulad (7), paglilipat-wika (6), pagsasatao (5), pagpapalit-saklaw (4), ang pagsalungat, tanong-retorikal, at pagmamalabis (3), pagtawag, larawang-diwa (2) at panghuli ay ang pagwawangis (1).

Gumamit din ang may akda ng mga larawang – diwa gaya ng mga salitang nilagyan ng talim ng pandaying muli, pinasikat sa gabi ang araw at tinanglawan ang diwa.

Ayon sa kinalabasan, kinakitaan din ng istilong "simbolismo" ang mga tula ni Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez. Ang simbolismo naman ay nakita sa mga tula na " Sagot Sa Espanya Sa Hibik Ng Pilipinas", "Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan", "Isang Dipang Langit", "Tinapay" "Panday" at "

Panday". Ang mga sumusunod ay ang mga salitang nagtataglay ng simbolismo gaya ng ibong kaaway na lihim, bandila, si Huli at si Sisa , Bato, bakal, punlo, putol na tinapay, isang tabong sabaw, kaputol na bakal, pakpak at bagwis, at Gresya at Roma.

Samakatuwid, tunay ngang katotohanan ang pahayag ni Mangahas na "Ang mga tula ay ipinahahayag sa mga panalitang nag-aangkin ng tumpak na aliw-iw na lalong mainam." Sumang-ayon din dito si Landicho na nagsabing "Ang lahat ng akdang pampanitikan ay nagtataglay nito- talinghaga at mga simbolismo, dahil ang mga ito ay nagdudulot ng kaisahang kintal o diwa sa akda at lalong nagpapatingkad ng isang pangkaraniwang kulay".

**Talahanayan 1.3.1 Tema ng Tulang "Isang Tula Sa Bayan"**

| Tema | Bahagi ng Tula |
|---|---|
| Ang taong may mabuting gawa para sa Bayan. | Sa iyong kandungan tinubuang lupa<br>Pawang nalilimbag ang lalong dakila,<br>Narito rin naman ang masamang gawa<br>Na ikaamis ng puso't gunita. |

**Buod sa Implikasyon ng mga Tula ayon sa Kultura, Sosyal, Moral at Pulitika**

Sa pagsusuri ng katangiang kultural sa mga tula nina Marcelo H. Del Pilar at Amado V. Hernandez, makikta pa rin ang kaugaliang Pilipino na ang kulturang Pilipino ay mayaman pa rin sa likas na kultura tulad ng pagpapahalaga at pagmamahal sa baying sinilangan, ang mapayapang paraan ng pakikipaglaban, paninindigan s a makatwirang paraan, pagbangon mula sa pagkakalugmok, pagtulong sa mga mahihirap o naghikahos sa buhay, at ang pagiging masipag.

Sa pagsusuri ayon sa aspetong sosyal dito ay ipinapahiwatig na mahalaga ang pagkakaisa, pagtutulungan, pagmamahal sa bayan, sa pamilya at higit sa lahat ang paggalang sa mga karaniwang manggagawa.

Sa pagsusuri sa katangiang moral pinapahiwatig na lubhang kailangan ng taong maging mabuti, iawasang gumawa ng masama o labag sa batas, huwag paaalipin sa mga material na bagay,walang maibibigay na kabutihan ang pang-aalipin at paghahamak sa kapwa.

Sa katangiang Pulitika dito'y binibigyang diin na nakasalalay ang pag-unlad ng isang bayan sa magandang ugnayan at pagtutulungan ng mga namumuno. Sa kabilang dako ipinahihiwatig din na mahalagang mabigyan ng patas na karapatan ang karaniwang mamamayan.

**5. Mga Natuklasan at Konklusyon**

Batay sa mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez, nangibabaw ang tulang liriko at pandulaan. Karaniwang ginamit ay ang may sukat at tugmang di-ganap at ito ay mayaman sa tayutay. Ang mga tema ay tungkol sa masidhing damdamin gaya ng iba't ibang uri ng wagas na pag-ibig sa bayan,

katatagan sa buhay, at ang kahalagahan ng mga manggagawa sa ating bansa.Ipinahihiwatig sa mga tula na ang mga Pilipino ay mayaman parin sa likas na kultura gaya ng pagkakaisa, pagtutulungan, pagmamahal sa bayan at paggalang sa mga karaniwang manggagawa, paggawa ng kabutihan at pagbibigay ng patas na karapatan.Sa pagsusuri na may kaugnayan sa aspetong sosyal, dito'y ipinahihiwatig na mahalaga sa mga Pilipino ang pagkakaisa at pagtutulungan sa bayan, sa pamilya at paggalang sa karaniwang manggagawa. Sa katangiang moral, ipinahihiwatig

na maging mabuti at iwasang gumawa ng masama o labag sa batas. Sa katangiang Pulitika, binibigyang diin na nakasalalay ang pag-unlad ng isang bayan sa magandang ugnayan at pagtutulungan ng mga mamamayan.

Ang mga tula nina Marcelo H. del Pilar at Amado V. Hernandez na sinuri ay kapwa may sukat; may tugma; karamihan ay tulang liriko; mayaman sa talinghaga; at may mga temangg pagkamakabayan, pagpapahalaga sa dangal bilang Pilipino at pagsusulong ng karapatan ng uring manggagawa.

## 6. Rekomendasyon

Mula sa mga natuklasan at konklusyon sa ginawang pag-aaral, narito ang mungkahi ng pag-aaral na ito:

1. Ipagamit ang mga mungkahing modyul na awtput sa pag-aaral na ito.
2. Pag-ibayuhin ang paggamit ng mga tula sa pagtuturo lalo na sa antas tersyarya upang lalong mapahalagahan ang angking kariktan, kasiningan at kakaibang katangian nito na wala sa ibang akdang pampanitikan.
3. Pasulatin ang mga mag-aaral ng iba't ibang uri ng tula upang lalo pang mahasa ang kanilang kakayahan at talento.
4. Magbasa ng ibang ibang uri ng tula at ipasuri ang mga tayutay na ginamit upang lalo malinang ang kritikal na pag-iisip at mapalawak ang kanilang kaalaman at bokabularyo sa pag-unawa.
5. Bumuo pa ng mga mungkahing modyul batay naman sa mga makabayang tula upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino.

## 7. References


1. Abad, Mariette A., (2003). Retorika. Mandaluyong: National Book Store.
2. Abiena, RafunsilJ., (2011)."Mga Piling Maikling Kuwento Sa Filipino: Isang Paglalarawan ng Kulturang Pilipino. Di – Limbag na Tesis. Pamantasan ng Pilipinas, Hilagang Samar.
3. Abadilla, Alejandro G., Pangkalahatang Pagtatalakay: Parnasong Tagalog o Buhay na Larawan ng ating Panulaan. Malabon Rizal: Limbagan ng Dalubhasang Epifanio.
4. Alaman, Raquel R., (2008). "Ang Diskursong Filipino na Ginamit sa
5. Mga Piling Maikling Kuwento na Nagwagi sa Timpalak Palanca Mula 1990 – 2000: Isang Pagsusuri". Di – Limbag Te sis. Pamantasan ng Pilipinas, Hilagang Samar.
6. Alejo, Alberto E., (2001). Tao Po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa Sa Loob ng Tao. Quezon City: Ateneo De Manila University. Office of Resaerch and Publications.
7. Andres, Felisa S., (2001). "Pagsusuri sa Tema ng mga Piling Tulang Likha ni Dr. Godofredo S.Reyes". Di – Limbag na Tesis, Pamantasan ng Lungsod ng Mariano Marcos.
8. Arrogante, Jose A., (2000). Maikling Pagsulat. Quezon City: Great Bookstore Trading.
9. Arrogante, Jose et.al., (2004). Panitikang Filipino.Binagong Edisyon. Quezon City: National Book Store.
10. Balmaceda banggit ni Felisa M. Recorba, et al.,(2003). Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina. (Meycawayan Bulacan: Trinitas Publishing Inc.
11. Bangon, Melissa P.,(2004)."Mga Piling Panitik sa Iba't Ibang Dekada" Di – Limbag na Tesis. Pamantasan ng Nueva Caceres.
12. Bantugan, Ramon M (2004). "An Analysisn of the Film Adaptation Of Two Selected Filipino Novels Along Content, Language Style and Media Effect" (Unpublished Dissertation, Philippine Normal University).
13. Bascara, Linda R.,(2005)."World Literature".(Quezon City:Rex Printing Company, Inc.
14. Baser, Lolita S., (2000). "Likhang Sining sa mga Tula ni Teo S. Baylen". Di- limbag na Tesis. Pamantasan ng Araullo.
15. Belves, Paz P., (2003). Sining ng Pagkukuwento at Pagbigkas ng Tula. Manila Rex Bookstore.

16. Buenceso, Teresita et al., (2001). Retorika. Manila: UST Publishing House.
17. Caligsan, Jose Monipe P., (2005). "Mga Piling Sugilanon ni Marcel M. Navarra:Kabang-Yaman ng mga Paniniwala at kaugali- ang Sebuwano
18. Cinco, Carla, (2012). "Feminismong Pananaw Ng Mga Tula Ng Dekada '70 -' 80 Na Sinulat Ng Mga Makatang Babae. Di-Limbag na Tesis. Pamantasan ng Pilipinas, Hilagang Samar.
19. Cruz, Isagani at Ester Daroy (1998)., " Literature and Values Formation". How to Teach Literature. Manila: De La Salle University, Press. Daiches sa pagbanggit ni Patrocinio V. Monis."The Literature Symbol " in Modern Literature." Unitas.
20. Dichos, Niza M., (2007). Pagusuring Arkepital Sa Mga Piling Katutubong Kuwentong Cebuano. Southern University Cebu City.
21. Dinglasan, Resurreccion D., (2010). "Kritisismong Pampanitikan sa Mga Piling Kuwento ni Ponciano B.P. Pineda".Di– Limbag na Tesis. Pamantasan ng Manuel L. Quezon.
22. Dizon, Leovenido E.,(2001). Mahalagang Ugali ng Pilipino na Matatagpuan sa Maikling Kuwento na nalathala sa liwayway Huling Taong 2000.
23. Recorba, Felisa M., et al., (2003). Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina. Bulacan: Trinitas Publishing Inc.
24. Reyes, Solidad S., (2000). Kritisismo. Manila: Anvil Publishing, Inc.
25. Rubin, Ligaya T., et al., (2003). Panitikan sa Pilipinas. Lungsod ng Quezon City: Rex Printing Company Inc.
26. Salazar, Lucila A., et al., (2001). Panitikang Filipino. Kathang Publishing Co., Inc.
27. Santiago, Mary Ann A., (2000). "Maikling Kuwentong Pambatang Nagwagi sa Palanca Memorial Awards". Di-Limbag naTesis. Ateneo De Cagayan, Xavier University.
28. Sapra, Mark Edwin. (2009)." Ang Pulitika at Panlipunang Pilosopiya Ni Renato Constantino". Di- Limabag na Tesis. De La Salle University Manila.
29. Sauco, Consolacion C., et al., (2004). Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina. Quezon City: Katha Publishing Co. Inc.
30. Sedigo, Ma Gabriel L., (2000). Sining – Agham sa Pagtala. Manila: National Book store.
31. Sigua, Elenita M., (2000). "Mga Tula Bilang Likhang Sining Ni Cirilo H. Panganiban: Pamantayan ng Buhay".Di-Limbag na Tesis.Pamantasan ng Araullo Lungsog ng Cabanatuan.
32. Tanawan, Dolores S., et al., (2004). "Sining ng Mabisang KomuniKasyon". Bulcan: Trinitas Publishing Inc.
33. Ugot, Irma V., et al., (2010). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pana naliksik.Filipino 2. Iniathala: Pilipinas
34. Villafuerte,Patrocinio U. (2000).Panunring Pampanitikan.Valenzuela City: Mega-Sesta Prints Inc. Varsitarian.Net/Filipino/pulitika_ng_wika_wika_